Embassy of the Republic of the Philippines
Riyadh, Kingdom of Saudi Arabia
P.O. Box 94366 Riyadh 11693
Fax No. (+9661) 488.3945
Email : rype@riyadhpe.com
Website: www.philembassy-riyadh.org
Facebook Page www.facebook.com/philembassyriyadh

Advisory
PR - 030- 2014-F
27 February 2014

"Call Center" ng Kagawaran sa Paggawa ng Saudi Arabia 920001173

(Filipino version)
(Riyadh, Ika-26 ng Pebrero 2014) Ipinapaalam ng Embahada ng Pilipinas sa Riyadh na ang Kagawaran sa Paggawa ng Saudi Arabia ay maaari nang tawagan sa numerong **92-000-1173**.

CALL CENTER
920001173
Ministry of Labor
Kingdom of Saudi Arabia

Ang nasabing numero ay nagbibigay ng impormasyon sa wikang Arabik at Ingles. Para sa Ingles, pindutin ang numerong **"2"** at ang numero ng serbisyo na nais ninyo, ayon sa sumusunod:

(1) Katanungan ukol sa programang *Nitaqat*.
(2) Suportang teknikal para sa e-services ng Kagawaran sa Paggawa.
(3) Pag-aayos sa usaping Paggawa.
(4) Proteksyon sa sistema ng pagpapasahod.
(5) Mga reklamong may kaugnayan sa opisina ng paggawa.
(6) Mga serbisyo para sa mga kababaihang manggagawa.
(7) Kaalaman para sa regulasyon tungkol sa nagtatrabahong kasambahay.

Ang numerong nakasaad ay ibinigay sa Embahada ng Pilipinas at sa delegasyon ng Pilipinas sa pagtatapos kamakailan ng *2nd Joint Commission Meeting* patungo sa pagsasakatuparan ng kasunduan ng Saudi Arabia at Pilipinas ukol sa mga Pilipinong kasambahay dito.

Hinihikayat ng Embahada ang lahat ng manggagawang Pilipino sa Saudi Arabia na tumawag sa numerong nabanggit kung may mga katanungan tungkol sa Batas ng Paggawa sa Saudi Arabia, *Nitaqat*, pagaayos sa usaping paggawa, at mga reklamo laban sa mga amo o kumpanyang inyong pinagtatrabahuan, at mga *recruitment agency*. **(TAPOS)**